

## **ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN SA PAGBOTO SA VIRGINIA**

### **MAGREHISTRO PARA BUMOTO**

#### **Nakarehistro na?**

- Maaari mong suriin ang iyong pagpaparehistro online, o maaari mong tawagan ang iyong lokal na rehistro o ang Department of Elections.
- Kung lumipat ka mula noong nakaraang halalan, dapat mong palitan ang iyong address online. Maaaring mayroon ka nang bagong lokasyon ng botohan.

#### **Magrehistro para bumoto**

- Maaari kang magparehistro para bumoto online o sa pamamagitan ng koreo hangga't ang aplikasyon mo ay may tatak-koreo nang hindi lalampas sa 21 araw bago ang susunod na halalan. Maaari mo ring ihatid ang iyong aplikasyon sa anumang opisyal na opisina ng pagpaparehistro.
- Kung lumampas ka sa deadline, maaari ka pa ring magparehistro para bumoto nang personal. Kakailanganin mong bumoto ng pansamantalang balota.
- Maaari kang magparehistro para bumoto sa Araw ng Halalan nang personal sa iyong lugar ng botohan. Kakailanganin mong bumoto ng pansamantalang balota.
- Ang isang pansamantalang balota ay hindi agad-agad na isa-scan ng isang makina na nagbibilang ng boto tulad ng isang regular na balota, ngunit ito ay mabibilang pa rin hangga't ang isang pagsusuri sa iyong pagpaparehistro ay nagpapakita na karapat-dapat kang bumoto.

### **BUMOTO NANG MAAGA**

#### **Sino ang makakaboto nang maaga**

Ang sinumang nakarehistrong botante sa Virginia ay maaaring bumoto nang maaga nang personal sa opisina ng kanilang lokal na rehistro.

#### **Ang kailangan mo**

- Hindi mo kailangan ng dahilan para bumoto nang maaga, at hindi mo kailangang magpunan ng aplikasyon.
- Dapat kang nakarehistro para bumoto sa Virginia.
- Hihilingin sa iyo na ibigay ang iyong pangalan, address, at isang katanggap-tanggap na uri ng ID. Kahit na wala kang katanggap-tanggap na uri ng ID kapag bumoto ka, maaari ka pa ring bumoto gamit ang isang regular na balota kung lumagda ka sa isang Pahayag ng Kumpirmasyon ng ID. Kung wala kang ID at hindi lumagda sa isang Pahayag ng Kumpirmasyon ng ID, maaari ka lamang bumoto gamit ang isang pansamantalang balota. Kung pipili ka ng isang pansamantalang balota, hindi mabibilang ang iyong boto maliban kung magbibigay ka sa ibang pagkakataon ng kopya ng katanggap-tanggap na ID sa lupon ng elektoral, o lumagda sa isang Pahayag ng Kumpirmasyon ng ID.

## **PAGBOTO NANG NAKALIBAN**

### **Sino ang maaaring bumoto nang nakaliban**

- Ang sinumang nakarehistrong botante ay maaaring bumoto nang nakaliban sa pamamagitan ng koreo para sa anumang dahilan. Kung ibalik mo ang iyong hindi pa nabuksang absentee ballot sa opisina ng iyong lokal na rehistro, sa isang satellite na lokasyon ng pagboto, o sa iyong lugar ng botohan sa o bago ang Araw ng Halalan, maaari kang bumoto nang personal kahit na pagkatapos mong magparehistro para bumoto nang nakaliban.

### **Ang kailangan mo**

- Maaari kang mag-apply para sa isang absentee ballot sa online, sa pamamagitan ng koreo, o nang personal. Dapat matanggap ang iyong aplikasyon bago mag-5:00 p.m. sa ika-11 araw bago ang halalan.
- Kapag nakatanggap ka ng absentee ballot, punan ito nang buo at tumpak. Halimbawa, kung pinunan mo ang isang address na iba sa iyong address ng pagpaparehistro ng botante, hindi mabibilang ang iyong balota.
- Kapag kumpleto na ang iyong absentee ballot, ipadadala ito sa iyong lokal na rehistro. Dapat itong mamarkahan sa o bago ang Araw ng Halalan at matanggap sa tanghali sa ikatlong araw pagkatapos ng Araw ng Halalan. Maaari mo ring piliing ihatid ang iyong absentee ballot sa opisina ng iyong lokal na rehistro anumang oras bago magsara ang mga botohan sa Araw ng Halalan.

## **BUMOTO NANG PERSONAL SA ARAW NG HALALAN**

### **Ang kailangan mo**

- Hindi mo kailangan ng photo ID sa Virginia, ngunit kailangan mo ng aprubadong paraan ng pagkakakilanlan para makaboto.
- Ang iyong ID ay hindi dapat mag-expire nang higit sa 12 buwan. Hindi kailangang tumugma ang pananda ng kasarian ng iyong ID sa iba mo pang mga dokumento ng pagkakakilanlan. Hindi kinakailangan na ang iyong personal na presentasyon ay mukhang katulad ng isang larawan sa iyong ID.
- Kung nakalimutan mo ang iyong ID at mayroon ka pang oras, kadalasan ay mas mabuting bumalik at kunin ito.
- Kung wala kang katanggap-tanggap na uri ng ID kapag bumoto ka, maaari kang lumagda sa isang Pahayag ng Kumpirmasyon ng ID na sumusumpa sa katotohanan ng iyong pagkakakilanlan at bumoto ng ordinaryong balota.
- Kasama sa ilang karaniwang katanggap-tanggap na ID ang:
  - Card ng pagpaparehistro ng botante
  - ID, pasaporte, o lisensya sa pagmamaneho na ibinigay ng DMV
  - Bank statement
  - Utility bill
  - Paycheck
  - Student ID

- Anumang dokumento ng pamahalaan na nagpapakita ng pangalan at tirahan mo

### **Saan pupunta**

- Mahahanap mo ang iyong lokasyon ng botohan online. Ang mga botohan ay magbubukas sa bawat lugar ng botohan sa Virginia sa 6:00 a.m. at magsasara sa 7:00 p.m. sa Araw ng Halalan.

### **Alamin ang iyong mga karapatan**

- Kung ikaw ay nasa pila ng 7:00 p.m. kapag nagsara ang botohan, may karapatan ka pang bumoto.
- Kung nakasuot ka ng damit pangkampanya, maaari ka pa ring bumoto. Hindi ka mapipigilan ng mga manggagawa sa botohan na magsuot ng kasuotan pangkampanya.
- Kung ang iyong pangalan ay wala sa poll book sa iyong lokasyon para sa pagboto bilang isang rehistradong botante, hilingin sa poll worker na makipag-ugnayan sa lokal na rehistro. Kung mapapatunayan ng rehistro na ikaw ay nakarehistro, dapat ka nilang payagang bumoto. Kung hindi available ang rehistro o hindi nila mahanap ang iyong pangalan, humingi ng pansamantalang balota. May karapatan kang bumoto sa pansamantalang balota kahit na wala sa listahan ng mga botante ang iyong pangalan. Kung naniniwala kang maaaring hindi ka maayos na nakarehistro, mayroon ka ring karapatang magparehistro kasabay ng iyong pagboto sa Araw ng Halalan, gamit ang isang pansamantalang balota.
- Kung may humamon sa iyong pagiging karapat-dapat na bumoto, humingi at punan ang isang form ng Pagpapatibay ng Kwalipikasyon, na nagbibigay sa iyo ng karapatang bumoto sa pansamantalang balota.
- Kung kailangan mo ng tulong sa paggamit ng gamit sa pagboto, kinakailangan ang isang manggagawa sa botohan para tulungan ka. Maaari kang humingi ng tulong pagkatapos pumasok sa puwesto ng botohan, ngunit dapat kang payagang bumoto nang pribado kapag nakatanggap ka ng tulong. May karapatan ka ring bumoto sa gilid ng bangketa kung kailangan mo ito.
- Kung kailangan mo ng tulong sa wika o tulong sa pagbabasa o pagsulat, mayroon kang karapatan na tulungan ka ng isang manggagawa sa botohan, kaibigan o kamag-anak sa puwesto ng botohan.
- Kung nagkamali ka sa isang balotang papel, huwag isumite ang iyong balota. Humingi ng kapalit na balota. May karapatan ka sa pinakamaraming kapalit na balota hangga't kailangan mo.
- Kung ang makina na nagbibilang ng balota ay nagkaroon ng sira, ipaalam sa isang manggagawa sa botohan at hilingin sa kanila na idirekta ka sa ibang makina.
- Kung gusto mong mag-selfie gamit ang iyong balota, hindi ka mapipigilan ng mga manggagawa sa botohan hangga't hindi mo inaantala o hadlangan ang sinumang botante.